

Sa botong 18-0, nakapasa na sa Senado ang batas na babalangkas sa mga magiging polisiya at programa ng bansa hinggil sa Space Technology at ang ahensyang tututok dito.

Ang Senate Bill 1983 o mas kilala bilang “Act Establishing the Philippine Space Development and Utilization Policy and Creating the Philippine Space Agency (PhilSA)” ay naglalayong pagtibayin ang mga pag-aaral at aplikasyon na may kinalaman sa space technologies upang makatulong ito na paunlarin ang serbisyo at produkto ng iba’t ibang industriya sa bansa.

Ang pagbuo ng mga probisyon sa nasabing batas ay nabuo sa tulong ng National Space Promotion, Awareness, and Capabilities Enhancement (SPACE) Development Program ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD).

Ayon kay Dr. Rogel Mari D. Sese, tumatayang project leader ng National SPACE Development Program, ang pagtatayo ng PhilSA ay magbibigay-daan upang matulungan ang mga ahensya ng pamahalaan na mapaunlad ang kanilang mga kinakalap na datos at serbisyong ibinibigay sa publiko, partikular iyong may kinalaman sa agrikultura, pangangalaga ng mga likas na yaman, telekomunikasyon, pagbibigay ng ulat panahon, at pambansang seguridad.

Samantala, sa kanyang mensahe, lubos na ikinagalak ng awtor ng naturang batas na si Senator Paolo Benigno “Bam” A. Aquino IV ang malakas na suportang ipinakita ng senado na magkaroon ng matatag na programa sa pagdating ng space technology sa bansa. Naniniwala siya na ang naturang batas ay magbibigay-daan upang mapakinabangan

Batas sa pagbuo ng Philippine Space Agency, aprubado na sa Senado

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII



Si Dr. Rogel Mari D. Sese ang project leader ng National SPACE Development Program— isa sa mga ahensya na tumulong mabuo ang PhilSA. (Larawan mula kay Allan Mauro. V. Marfal, DOST-STII)

ng iba’t ibang industriya at higit sa lahat ng publiko ang mga impormasyon na makakalap at madidebelop ng mga Pilipinong siyentista na may kinalaman sa remote sensing, gayundin ang mga satellite image na nagmumula sa ating mga micro-satellite.

Nakikita naman ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña na bagamat may kalakihan ang halagang kailangang ilaan sa ilang mga programa at pag-aaral na may kinalaman sa space technologies, ito ay malaking benepisyo naman sa bansa ang maihahatid nito. Ayon sa kanya ang mga satellite image na ibinabato mula sa ating micro-satellites kagaya ng DIWATA-1 at DIWATA-2 ay nagbabahagi ng mahalagang impormasyon at datos na makatutulong sa ating pamahalaan upang makapaglatag ito ng naangkop na aksyon at

desisyon na may kinalaman sa pagsasaka at posibleng banta ng iba’t ibang sakuna kagaya ng bagyo at lindol.

Nakasaad sa nasabing batas ang PhilSA ay maipapasailalim sa Office of the President at itatayo ang opisina nito sa Clark Special Economic Zone sa probinsya ng Pampanga.

Ang panimulang na pondo nito na nagkakahalaga ng isang bilyong piso ay magmumula sa kasalukuyang fiscal year’s appropriation ng Office of the President. Makakakuha rin ito ng karagdagang 10 bilyong piso na pondo mula sa kita ng Philippine Amusement and Gaming Corporation. Samantala, makatatanggap din ng pondo ang PhilSA sa Bases Conversion and Development Authority, limang taon matapos na opisyal na maipasa ang nasabing batas kung saan dalawang bilyon kada-taon ang ibibigay sa

Mga Nilalaman

2019 RICE pasisinayaan sa bansa.....	p2
Diagnostic kit para sa HIV drug resistant	p3
Kauna-unahang CEST ni Juan, matagumpay na ipinagdiwang	p4
LarawaNews.....	p4

2019 RICE pinasinayaan sa bansa

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*

Pinangunahan ng Department of Science and Technology-Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI), sa tulong ng mga DOST regional offices, ang 2019 Regional Invention Contest and Exhibits o RICE sa bansa.

Kinikilala ng RICE ang galing at husay ng mga lokal na imbensyon at imbentor na malaki ang naitutulong upang mas mapaunlad pa ang economic development ng bansa. Layon ng RICE na hikayatin pa ang mga lokal na imbentor sa larangan ng science, technology, at innovation sa pamamagitan ng pagbibigay ng certificate, plaque, cash reward, at pagkilala.

Kaakibat ang temang “Science for the People: Inventions and Innovations for Sustainable Development”, ang 2019 RICE ay ginanap kasabay ng taunang National Science and Technology Week o NSTW na naka-sentro sa pagkamit ng Sustainable Development Goals (SDGs).

Ang mga imbentor ay maaaring makasali sa limang kategorya tulad ng Tuklas Award—para sa pinakamagaling na imbensyon; Outstanding Utility Model, Outstanding



Ang 2019 RICE ay naglalayong paigtingin ang mga imbensyon at inobasyon patungkol sa sustainable development. (Larawan mula sa DOST-TAPI)

Date	Region	Venue
12-14 June	VII	Waterfront Hotel & Casino, Cebu City
05-08 August	II	Cagayan State University, Tuguegarao City
09-11 August	VIII	Robinsons Place, Tacloban City
26-30 August	I	Candon City, Ilocos Sur
03-05 September	Caraga	Bayugan City, Agusan del Sur
05-06 September	XI	University of Southeastern Philippines, Davao City
10-12 September	IX	Zamboanga City
24-27 September	CALABARZON	Sta. Rosa City Convention Center, Laguna
07-11 October	V	Naga City
15-17 October	MIMAROPA	City Coliseum, Puerto Princesa, Palawan
21-24 October	VI	Iloilo Convention Center, Iloilo City
06-08 November	NCR	Technological Institute of the Philippines
11-13 November	X	Valencia City, Bukidnon
18-22 November	CAR	Bontoc, Mountain Province
TBA	III	TBA
TBA	XII	TBA

Industrial Design, Likha Award—para sa pinakamagaling na research and development (R&D) ng teknolohiya; at Sibol Award para sa pinaka-malikhaing research sa high school at kolehiyo.

Ang 2019 RICE ay nagsimula noong ika-12 ng Hunyo sa Region VII. Narito ang kompletong schedule ng 2019 RICE sa bansa

Ang mga magwawagi sa bawat kategorya ay maaaring tanghaling finalist para sa National Invention Contest and Exhibit o NICE sa taong 2020.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa pinakamalapit na DOST regional office sa inyong lugar. (Impormasyon mula kay Jund Rian A. Doringo, DOST-TAPI)

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

Diagnostic kit para sa HIV drug resistant



Ipinapaliwanag ni Dr. Edsel Salvana ng UP-NIH ang diagnostic kit para sa mga gamot na HIV-resistant. (Larawan mula sa DOST-PCHRD)

Isang pag-aaral na naglalayong makabuo ng diagnostic kit para matukoy ang mga gamot na maaaring magbigay-lunas sa Human Immunodeficiency Viruses (HIV) ang kasalukuyang pinopondohan ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD).

Sa ginanap na “Talakayang HeaRT Beat” sa Luxent Hotel noong ika-21 ng Mayo 2019, naniniwala si Dr. Edsel Salvana mula sa University of the Philippines-National Institute of Health (UP-NIH) na ang madedebelop na diagnostic kit mula sa pag-aaral na ito ay malaki ang maitutulong, hindi lamang sa mga biktima ng HIV virus dito sa bansa kung hindi pati na rin sa buong mundo.

Paliwanag ni Dr. Salvana, ang pagkakaroon ng test kit na tutukoy sa mga

gamot na hindi angkop sa sakit na HIV ay makatutulong upang makapagbigay ng naangkop na medikasyon sa kanilang mga pasyente.

Ayon kay Dr. Salvana, isa sa mga problema sa sakit ng HIV ay hindi na nito tinatanggap ang ilang mga gamot sa umpisa pa lang ng medikasyon nito.

“Some drugs may not work on the patient. Knowing the resistance of HIV to drugs is very crucial especially for our country where there is only a limited number of antiretroviral drugs (ARVs) available,” ayon kay Dr. Salvana.

Dagdag pa niya, may katagalan at kamahalan sa bansa ang pagtukoy kung mayroong HIV ang isang indibidwal dahil dalawang institusyon lang ang may kapasidad na magbigay ng ganitong uri ng serbisyo.

Ito ang UP-NIH at ang Research Institute for Tropical Medicine (RITM).

Ang proyekto ni Dr. Salvana ay nakapokus sa pagsasaliksik na gamit ang automated DNA sequencing tool sa pagtukoy ng HIV resistant cases sa mas mabilis at murang pamamaraan.

“The ultimate goal is to produce a kit that is accessible, affordable, and world-class possibly by 2023. “There is no cure yet (for HIV). Kung masyadong mahal (yung tools), edi ibababa natin yung cost para we can also take care of the Filipino patients,” paliwanag ni Dr. Salvana.

Sa kasalukuyan, umaabot na sa 42 na kaso ng HIV ang naitatala sa bansa kada-araw, mas mataas kumpara noong nakaraang taon. (Impormasyon mula kay Jwynne Gwyneth Macan, DOST-PCHRD)



Matagumpay na naisagawa ng DOST-II ang kauna-unahang CEST ni Juan na ginanap noong ika-1 ng Mayo 2019 sa Ballesteros, Cagayan.

Kauna-unahang CEST ni Juan, matagumpay na ipinagdiwang

Teksto at larawan mula sa DOST-II

Kasabay ng pagdiriwang ng Harvest Festival ng People Empowerment and Development Association Inc. o PEBOFDA ay inilunsad ang kauna-unahang “Community Empowerment through Science & Technology in Juan” ng Department of Science and Technology-Regional II nitong ika-1 ng Mayo taong 2019 sa Fugu, Ballesteros, Cagayan.

Mahigit sa 300 miyembro ng asosasyong PEBOFDA ang aktibong nakilahok sa aktibidad kung saan ipinakilala ang mga programa at proyekto ng DOST-II.

Ilan sa mga programa at proyektong

tinalakay sa pagtitipon ay ang apat na uri ng scholarship program ng ahensya—kung sino ang maaaring makapag-apply rito at kung ano ang mga kailangang dokumento para sa pag-aapply.

Ipinaliwanag rin ang teknolohiya ng biogas digester system na maaaring mapagkunan ng alternatibong enerhiya para sa kuryente at pagluluto.

Kabilang din sa tinalakay ay ang kahandaan sa sakuna kung saan ipinaliwanag ang mga hakbang na dapat gawin sa oras ng kalamidad tulad ng lindol at bagyo.

Samantala, tinuruan naman ni Marmee

C. Vela, isang small-scale entrepreneur, ng bagong pagmumulan ng kabuhayan ang mga dumalong residente sa pamamagitan ng paggawa ng gourmet tinapa at tuyo.

Namahagi rin ng 10 portasol portable drying facility at anim na knapsack sprayer kung saan ipina-affle ang isang portasol at tatlong sprayer.

Ang PEBOFDA ay isa sa mga asosasyon na maigting na sinusuportahan ng DOST-II sa pamamagitan ng aplikasyon ng carrageenan plant growth promoter sa kanilang sakahan at pamamahagi ng portasol na epektibong pasilidad sa pagbibilad ng palay.

LarawaNEWS



Kinikilala ng Philippine Journal of Science (PJS) sina Professor Rafe Brown (kaliwa) at Professor Sohichi Hirose (kanan) bilang mga bagong miyembro ng editorial board. Si Dr. Brown ay isang propesor sa Kansas University sa USA. Ilan sa mga popular niyang pag-aaral ay ang kakaibang distribution at diversity ng reptiles at amphibians sa Pilipinas at sa mga karatig-bansa sa Southeast Asia. Ang mga pag-aaral niya na nailathala na sa Zootaxa, Molecular Phylogenetics and Evolution, at Herpetologica ay naglalahad ng pagkakatuklas at biogeographical descriptions sa mga amphibian at reptile sa bansa. Samantala, si Dr. Hirose naman ay nagtuturo sa Tokyo Institute of Technology sa Japan. Kilala si Dr. Hirose sa linya ng pagsasaliksik ukol sa concrete damage, computational at continuum mechanics. Ang kaniyang mga pag-aaral ay nailathala na sa Advances in Civil

Engineering, Materials Evaluation, at Journal of Advanced Concrete Technology. Ang PJS editorial board ay nagbibigay ng propesyonal na payo ukol sa stratehiya, polisiya, at kabuuang direksyon ng naturang publikasyon. Masusing pinipili ang mga miyembro nito na naaayon sa kani-kanilang field of expertise at academic track record. Isa ang PJS sa mga publikasyon na nilalathala ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute. Ito ay isang multi-disciplinary journal na naglalaman ng peer-reviewed articles tungkol sa natural science, engineering, mathematics, at social sciences. Para sa karagdagang impormasyon, magtungo sa website ng PJS www.philjournalsci.dost.gov.ph. (Teksto ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII at larawan mula sa www.biodiversity.ku.edu at www.titech.ac.jp; impormasyon mula kay David Matthew C. Gopilan, DOST-STII)